JANAURY 2024 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## *Pinakamalaking super health center sa Cavite, pinasinayaan sa Imus*



Pormal nang binuksan ang kauna-unahang Imus Super Health Center na matatagpuan sa Legian II, Brgy. Carsadang Bago I nitong Enero 19, 2024, sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at sa tulong ng tanggapan ni Senador Christopher Lawrence "Bong" Go at ni Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula.


### INFRASTRUCTURE
| Page 2 & 3

*Pinakamalaking Super Health Center sa Cavite, Pinasayaan sa Imus
*Mayor AA, sinuri ang kalagayan ng mga proyekto ng Imus LGU
*LED Traffic Signal Poles, Directional Signages, makikita na sa Imus
*Turnover Ceremony ng 15 GK Village unit, dinaluhan ni Mayor AA

### SOCIAL SERVICE
| Page 4

*Mayor AA, Cong. AJ, namahagi ng tulong sa mga nasunugan sa Medicion II-B
*Mayor AA, muling naghandog ng prosthesis leg
*Mayor AA, hinandugan ng P100K ang isang Imuseno Centenarian

### GOVERNANCE
| Page 5 & 7 - 8

*"Bigkis-Tubig Program
*Inagurasyon ng bagong Regional at Municipal Trial Courts sa Imus
*National Bible Month 2024
*"Buhay Ingatan, Droga'y Ayawan" Color Run ng DILG
*EBOSS 2024

### EDUCATION
| Page 6

*ICT Equipment para sa Tech4Ed Center, tinanggap ng Imus mula sa DICT
*Ikatlong batch ng Career Forward training, nagsipagtapos


Nanguna rin sa inagurasyon sina Department of Health (DOH) Secretary Dr. Teodoro Hermosa, DOH Regional Director Dr. Ariel Valencia, City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, Konsehal Enzo Asistio na tagapangulo ng Komite sa Kalusugan at iba pang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, City Health Officer Dr. Ferdinand Mina, at Dr. Cherrie Boque ng Imus Super Health Center.

Ilan sa mga serbisyong maaaring makuha rito ay ang x-ray, laboratory, Tuberculosis – Directly Observed-Therapy Short-course (TB-DOTS), at konsultasyon.

Matatagpuan din sa super health center ang treatment area, animal bite clinic, dental clinic, Reproductive Health and Wellness Center, Key Assistance for Developing Adolescents (KADA) Center, records and assistance corner, at pharmacy.

Mayroon din itong National Immunization Program and Family Planning Office, Alapan Office, Carsadang Bago Office, Pag-asa Office, Emergency Operation Center/Disaster Risk Reduction and Management in Health Office, Health Education and Promotion Office (HEPO), Doctor’s Office, staff quarters, conference room, at audio-visual room.

Maituturing na pinakamalaking super health center sa buong Cavite ang Imus Super Health Center.



## *MAYOR AA, SINURI ANG KALAGAYAN NG MGA PROYEKTO NG IMUS LGU*

Binisita ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang takbo ng mga proyektong pang-imprastrakturang isinasagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Unang sinuri ng alkalde ang bagong arko ng Imus sa boundary nito sa General Trias. Nakatakdang magtayo ng dalawa pang arko sa mga boundary nito sa Kawit at sa Bacoor.

Sinuri din ni Mayor AA ang mga proyektong ginagawa sa likod ng New Imus City Government Center: mas maayos na parking lot para sa mga sasakyan, bagong multipurpose hall, at ang sarili nitong motor pool.






# *LED Traffic Signal Poles, Directional Signages, makikita na sa Imus*

Kung ikaw ay napadaraan sa kahabaan ng Gen. Emilio Aguinaldo Highway, maaaring nakita mo na ang bagong LED traffic signal poles at maging ang directional signages.

Ang mga ito ay mungkahi nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula tungo sa mas ligtas na pagbabaybay ng mga motorista sa mga daan sa Imus.

Matatagpuan ang naturang LED traffic signal poles — isa sa mga inisyatiba ni Mayor AA at marahil ay kauna-unahan sa bansa — sa mga intersection malapit sa Medical Center Imus, Lumina Point Mall, The District Imus, at 7-Eleven Pag-asa.



# *Turnover ceremony ng 15 GK Village unit, dinaluhan ni Mayor AA*

Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagtanggap ng paunang 15 pabahay sa ilalim ng Johnny C. Tan Gawad Kalinga (GK) Village Housing Project, Brgy. Alapan II-B noong Enero 8, 2024 bilang kinatawan ng 15 pamilyang nakatakdang tumanggap ng mga ito.

Ang naturang housing project ay may kabuuang 25 pabahay na nakalaan sa mga Imuseñong lubos na nangangailangan.
Dumalo rin dito sina Ms. Loy Tan – Timbie, Mr. Mark Timbie, Ms. Baba Tan – Tañada, Mr. Lernie Tañada, GK Admin Head Joey Moreno, GK Luzon Head Budoy Oquiñena, at GK Cavite Head Edgar Purificacion.

Tuloy-tuloy ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa ilalim ng administrasyong Advincula, sa pakikipagtulungan sa iba't ibang grupo at indibidwal upang matulungan pang umangat sa buhay ang mga Imuseño.

## Mayor AA, Cong. AJ namahagi ng tulong sa mga nasunugan sa Medicion II-B

Personal na kinumusta at pinagkalooban ng tulong ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang 12 pamilyang biktima ng sunog sa Tokwahan, Brgy. Medicion II-B noong Enero 17, 2024.

Kaagapay ang tanggapan ni Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula at ang City Social Welfare and Development Office, nahatiran ang mga ito ng food packs, hygiene at sleeping kits, at tulong pinansyal.

Patuloy na aalalay ang lokal na pamahalaan ng Imus para sa muling pagbangon ng mga nasunugan.



## Mayor AA, muling naghandog ng prosthesis leg

Hinandugan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ng prosthesis leg si Gary Guevarra, 53 taong gulang, mula sa Brgy. Carsadang Bago 1 noong Enero 3, 2024.

Sa tala, siyam na Imuseño na ang nabigyan ng prosthesis legs ni Mayor AA.





## Mayor AA, hinandugan ng P100K ng isang Imuseño centenarian

Personal na binati at hinandugan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ng P100,000 at grocery package si Nanay Conchita Garcia na naninirahan sa Brgy. Pasong Buaya nitong Enero 17, 2024 sa kaniyang pagdiriwang ng ika-100 kaarawan.

Kaagapay ni Mayor AA ang Office of the Senior Citizens Affairs at ang Imus Senior Citizens Association Incorporated sa kaniyang pagbisita.

Ang paghahatid ng P100,000 sa mga Pilipinong nasa ika-100 taong gulang ay batay sa Republic Act No. 10868, o ang “Centenarians Act of 2016.”




## Imus LGU, Maynilad, DENR-EMB, magtutulungan para sa kalinisan ng mga Ilog Julian at Imus

Upang maprotektahan at mapaganda ang kalidad ng tubig na dumadaloy sa mga Ilog Julian at Imus, binuo ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, Maynilad, at Department of Environment and Natural Resources – Environmental Management Bureau (DENR – EMB) CALABARZON ang programang Bigkis-Tubig sa pamamagitan ng isang memorandum of understanding (MOU) nitong Enero 29, 2024.

Sa pamamagitan nito, makatitiyak ang mga Imuseño na malinis ang tubig na dumadaloy sa kani-kanilang mga kabahayan na nagmumula sa modular treatment plants ng Maynilad sa Ilog Julian at Ilog ng Imus.

Pinagtibay ang naturang kasunduan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, President and CEO Ramoncito S. Fernandez ng Maynilad, Officer-in-charge Girliesina E. Sebarillo ng DENR – EMB, Punong Barangay Ruben Tined Jr. ng Bayan Luma IX, at Punong Barangay Joey Sarte ng Anabu II-C.

Bahagi ng programang Bigkis-Tubig ang pagsasagawa ng iba't ibang aktibidad gaya ng regular na paglilinis ng mga daluyan ng tubig, pagtatanim ng puno ng bakawan (mangrove tree), pagbibigay ng karagdagang gamit sa mga river ranger, paghuhukay ng mga basura at mga naipong burak, at pagsasagawa ng mga training at kampanya hinggil sa kahalagahan ng paglilinis at pagpapanatili ng kalinisan ng mga ilog.

## Inagurasyon ng bagong Regional at Municipal Trial Courts sa Imus, dinaluhan nina Mayor AA at Gov. Jonvic



Pinangunahan nina Provincial Governor Jonvic Remulla, City Mayor Alex "AA" L. Advincula, at City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan ang inagurasyon at pagbabasbas ng mga bagong tanggapan ng Regional Trial Court, Municipal Trial Courts, at Office of the Clerk of Court sa dating Land Transportation Office (LTO) Compound sa Brgy. Palico IV nitong Enero 9, 2024.

Inookupahan ng Regional Trial Court Annex ang dating gusali ng LTO Imus habang ginagamit ng Municipal Trial Courts in Cities ang dating gusali ng Imus Vocational and Technical School.

Ang pagbubukas ng mga sangay ng mga naturang tanggapan ay produkto ng pagkakaisa at magandang samahan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite.




## *ICT Equipment para sa Tech4Ed Center, tinanggap ng Imus mula sa DICT*



Opisyal na tinanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang iba’t ibang Information and Communications Technology (ICT) Equipment mula sa Department of Information and Communications Technology (DICT) nitong Enero 22, 2024 para mapalakas pa ang Tech4Ed Digital Transformation Center na matatagpuan sa Imus City Public Library.

Pinangunahan nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula, City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, at DICT Regional Director Cheryl C. Ortega ang naturang ceremonial acceptance.

Nakatanggap ang Lungsod ng 10 unit ng computer, kabilang na ang desktop accessories gaya ng headset, mini speaker, Wi-Fi adapter, at webcam, gayon din ang projector, CCTV camera package, printer, at barcode scanner.

Nakasama rin sa naturang seremonya si Provincial Officer Kenneth A. Benedicto at mga kinatawan ng ICT Literacy Competency and Development Bureau.

Ang Tech4Ed ay isa sa mga programa ng DICT na layong matulungang makasabay ang publiko sa makabagong teknolohiya sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga ICT Center sa iba’t ibang panig ng bansa.







## *Ikatlong batch ng Career Forward training, nagsipagtapos*

Ginawaran ng sertipiko ng pagtatapos ang 17 trainees na matagumpay na natapos ang Career Forward training ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng TaskUs nitong Enero 29, 2024 na ginanap sa HR Training Room ng New Imus City Government Center.

Personal na binati nina Special Assistant to the Mayor Jeffrey Purisima, City College of Imus (CCI) Officer-in-charge Victoria C. Calitis, TaskUs Operations Director Kathrina Sarmiento, TaskUs Learning Experience Director Arnel Castroverde, at CCI Trainer Delfino Santos ang mga nagsipagtapos.

Sa tulong ng Career Forward training, natututunan ng mga Imuseñong nais magtrabaho sa industriya ng Business Process Outsourcing (BPO) ang mga pangunahing kaalaman patungkol sa outsourcing na kinabibilangan ng language assessment, communication skills training, customer handling, at employee wellness.

## National Bible Month 2024: God's Word, the breath of new life

Sa temang, "God's Word: The Breath of New Life," nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng National Bible Month 2024 nitong Enero 29, 2024 sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Pinangunahan ang selebrasyon ni Servant of God Chairman Rev. Ptr. Nilo Cangson at ng guest speaker na si Mr. Arnel De Pano na aktibong miyembro ng Kamuning First Free Methodist Church, isang Gospel artist, at two-time winner sa National Commission for Culture and the Arts – National Music Competitions for Young Artists. Nakasama rin sina City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, City Administrator Tito Monzon, City Local Government Operations Officer Joseph Ryan V. Geronimo, at Department Head Lauro D. Monzon ng General Services Office.

Dinaluhan din ito ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod na nakiisa sa sayawan, kantahan, at pagdarasal na nakasentro sa banal na bibliya.

Bahagi rin ng pagdiriwang ang isang audio-visual presentation na inihanda ng Imus City Information Office, at ang araw-araw na pagdarasal tuwing katanghalian.

Itinalaga ang buwan ng Enero bilang National Bible Month at ang huling linggo nito bilang National Bible Week sa bisa ng Proclamation No. 124 taong 2017.



## "Buhay Ingatan, Droga'y Ayawan" Color Run ng DILG sa Imus, dinagsa




Sa pakikipagtulungan ng Department of the Interior and Local Government (DILG) sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, mas nabigyang-diin ang kahalagahan ng laban kontra iligal na droga sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang aktibidad sa ilalim ng kampanyang "Buhay Ingatan, Droga'y Ayawan" nitong Enero 20, 2024.
Tampok dito ang Color Run sa Vermosa Sports Hub na nilahukan ng humigit-kumulang 3,000 katao mula sa mga lungsod at munisipalidad ng Cavite.

Pinangunahan ang naturang aktibidad nina DILG Secretary Atty. Benjamin C. Abalos Jr., Undersecretary Lord A. Villanueva, Assistant Secretaries Rolando C. Puno at Florencio M. Bernabe Jr., Regional Director Ariel O. Iglesia, Provincial Director Engr. Danilo A. Nobleza, Provincial Board Member Francisco Gabriel Remulla, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Isang town hall meeting naman ang ginanap sa New Imus City Government Center kasama ang mahigit 100 kinatawan ng mga sektor at grupo mula sa kalakhang Cavite.

Tinalakay rito ang mga mahahalagang usapin patungkol sa ipinagbabawal na gamot gaya ng tungkulin ng relihiyong sektor sa laban kontra iligal na droga, epekto ng paggamit ng droga sa mga paaralan at akademya, at kung paano nakaaapekto ang iligal na droga sa sektor ng negosyo at sa ekonomiya.






CITY OF IMUS eBOSS
ELECTRONIC BUSINESS ONE-STOP SHOP

## 13,645 NEGOSYO, MATAGUMPAY NA NAKUHA NG BUSINESS PERMIT SA EBOSS 2024

Ganap nang inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang online application ng business permits sa muling pag-arangkada ng Electronic Business One-stop Shop (eBOSS) sa City of Imus Sports Complex at sa New Imus City Government Center mula Enero 2–31, 2024.

Ayon sa Business Permits and Licensing Office (BPLO), umabot sa 13,645 negosyo ang nabigyan ng business permit, kung saan 629 ay mga bagong negosyo habang 13,016 naman ay mga dati nang negosyo.

Dagdag pa ng BPLO na 263 sa mga ito ay matagumpay na nakapagproseso ng kanilang permit online, kung saan ay nakapagpasa sila ng mga kinakailangang dokumento at nakapagbayad ng mga bayarin sa pamamagitan lamang ng kanilang kompyuter o mobile phones.

Sa pamamagitan ng tatlong hakbang – kinabibilangan ng assessment, payment, at release – matagumpay na nakakuha ng business permit ang mga negosyo.

Nananatiling bukas ang website ng eBOSS na *egovcityofimus.ph/bpl/* at ang BOSS center sa New Imus City Government Center, Brgy. Malagasang I-G. Bukas ito tuwing Lunes hanggang Biyernes mula ikawalo ng umaga hanggang ikalima ng hapon.

Para sa kumpletong detalye ng mga hinihinging dokumento, bisitahin ang official website ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na: *cityofimus.gov.ph/downloadable-forms*

Maaari ding panoorin ang step-by-step process ng eBOSS sa: *tinyurl.com/ImusEBOSS2024*

Patuloy ang pagpapaalala ng lokal na pamahalaan sa mga negosyo na kumuha ng kanilang business permit, at magbayad ng buwis sa tamang oras upang maiwasang mapatawan ng anumang multa.


## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Thea Castillo

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman


IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite